

Santa Clara Valley Transportation Authority (VTA) at mga Kahilingan ng Title VI

Ang VTA ay isang independienteng espesyal na distrito na may pananagutang maglaan ng serbisyo ng bus, tren, at paratransit sa buong Santa Clara County, California. Ang VTA ay kinikilala bilang Congestion Management Agency (CMA) ng lalawigan at may pananagutan sa pangangasiwa sa partikular na proyekto ng highway at pagpapalano ng transportasyon sa buongcounty.

Isinabatas ang Title VI (binigyan ng code sa 42 U.S.C §2000d et seq.) bilang bahagi ng makahulugang Batas sa Karapatang Sibil ng 1964, na nilagdaan ni Presidente Lyndon B. Johnson. Ipinagbabawal ng Title VI ang pagtatangi dahil sa lahi, kulay, at bansang pinagmulan sa mga programa at aktibidad na tumatanggap ng tulong pinansyal sa mula sa pederal. Bilang recipient ng pundo mula sa pamahalaang pederal na pamahalaan, ang VTA ay dapat na manatiling mahigpit na sumusunod sa mga kahilingang ito ng Title VI .

Noong 2012, inilabas ng Federal Transit Administration (FTA) ang Circular 4702.1B upang makapagbigay ng espesipikong patnubay sa mga pinopondohang recipient tungkol sa patuloy na pagsunod sa mga kahilingan ng Title VI. Alinsunod sa Title VI Circular, hinihilingan ang VTA na magsumite ng Title VI Program sa FTA kada tatlong taon. Ang Title VI Program na ito ay koleksyon ng mga dokumento, plano, mapa, patakaran at pamantayan na nagpapakita ng patuloy na pagsunod ng VTA sa mga kahilingan ng Title VI. Ang patnubay na inilaan ng Circular 4702.1B ay nag-uutos na isumite ang Title VI Program ng VTA para sa pag-apruba ng Lupon ng mga Direktor bago ito ipadala sa FTA.

Sa sandaling matanggap na ng FTA ang programa, susuriin ito at maglalabas ang FTA ng alinman sa sulat na sumasang-ayon sa programa o isang abiso ng mga kakulangan na may petsa ng pagtupad. Magkakaroon ng pangalawang pagsusuri ang FTA para malaman kung ang mga kakulangang ito ay natugunan. Kung matuklasan na ang recipient ay hindi nakakasunod sa mga mandatoryong kahilingan ng Title VI, maaaring gumawa ng solusyon ang FTA lakip na ang pagkakait ng tulong pinansyal mula sa pederal na pamahalaan.

Title VI Program ng VTA

Sa Circular 4702.1B, binanggit ng FTA ang ilang mandatoryong mga dokumento na dapat na kalakip bilang bahagi ng Title VI Program ng recipient. Sa pagbuo ng Title VI program, nag-ipon ng iba't ibang dokumento ang VTA alinsunod sa mga kahilingang ito. Ang mga dokumentong ito ay ang mga sumusunod:

Pangkalahatang Mga Kahilingan

- Paunawa sa Publiko Tungkol sa Title VI
- Mga Form at Paraan ng Pagreklamo Kaugnay ng Title VI
- Talaan ng mga Reklamo, Paghahabala, at Imbestigasyon Kaugnay ng Title VI
- Plano sa Pakikibahagi ng Publiko
- Plano para sa Limited English Proficiency (LEP)
- Impormasyon ng Demograpiya ng Di-inihalal na mga Komite at Konseho
- Title VI Program ng Subrecipient at Pagmomonitor

- Pag-apruba ng Lupon sa Title VI Program

Mga Kahilingan ng Mga Transit Provider

- Mga Pamantayan at Patakaran sa Serbisyo
- Mga Mapa ng Demograpiya at Serbisyo
- Demograpiya ng Dami ng Pasahero at Pattern ng Biyahe
- Pagmonitor sa Ulat Tungkol sa Mga Pamantayan at Patakaran sa Serbisyo
- Proseso Para Isangkot ang Publiko sa mga Patakaran ng Title VI ng Recipient
- Mga Resulta ng Analisis sa Serbisyo at/o Patas na Pamasaha

Ang mga dokumentong ito ay naglalaman ng detalyadong impormasyon tungkol sa mga pamantayan, patakaran, at pamamaraan ng VTA na mahigpit na nakasunod sa mga regulasyon ng Title VI. Napanatili ng VTA ang mahigpit na pangako na pagbibigay ng serbisyo sa lahat ng miyembro ng publiko sa pantay at patas na paraan. Ang makatarungang serbisyo at pagsasangkot sa komunidad kapag gumagawa ng pasya ay nakapagbigay ng pundasyon para sa organisasyon upang matiyak na natutugunan nito ang mga pangangailangan ng magkakaibang nasasakupan ng kanilang serbisyo.

Nakabalangkas sa ibaba ang maikling sumaryo ng bawat elemento ng 2016 Title VI Program ng VTA.

I. Pangkalahatang Mga Kahilingan

Paunawa sa Publiko Tungkol sa Title VI

Ang Title 49 CFR Section 21.9(d) ay isang batas na nagbabalangkas ng mga kahilingan na dapat sundin ng mga recipient sa ilalim ng Title VI. Sinasabi nito na ang mga recipient ay dapat na magbigay sa publiko ng impormasyon tungkol sa mga obligasyon ng recipient sa ilalim ng mga regulasyon ng Title VI ng Department of Transportation (DOT) at ipaalam sa mga miyembro ng publiko ang mga proteksyon laban sa diskriminasyon na ibinigay sa kanila ng Title VI. Sa pinakamababa, ipalalaganap ng mga recipient ang impormasyong ito sa publiko sa pamamagitan ng pag-post ng isang paunawa ng Title VI sa website ng ahensya at pampublikong mga lugar ng mga opisina ng ahensya, gayundin sa reception desk, mga silid-pulungan, atbp. Dapat ding magpaskil ang mga recipient ng paunawa ng Title VI sa mga istasyon, hintuan ng sasakyan, at mga sasakyang bumibiyahe. Dapat na isalin sa ibang wika bukod sa Ingles ang mga paunawa, kapag kailangan at dapat na katugma ng LEP Guidance ng DOT at plano sa tulong sa wika ng recipient.

Lumikha ang VTA ng Paunawa sa Publiko para sa Title VI, at isinalin ito sa 21 wika, at nai-post ito sa kanilang website, sa iba't ibang hintuan ng pampublikong sasakyan, at mga sasakyan ng VTA sa lahat ng nasasakupan ng serbisyo nito. Alinsunod sa Safe Harbor Provision ng DOT, nakapaskil ang paunawang ito sa webpage ng VTA, mga platform ng tren, at mga shelter sa hintuan ng bus sa lahat ng safe harbor na wika. Naabot ng isang wika ang kahilingan ng safe

harbor kapag ito ay kinakatawan ng 5% o 1,000 na indibiduwal, alinman ang mas kaunti, na may limitadong kasanayan sa Ingles sa isang nasasakupan ng serbisyo ng isang ahensya ng transportasyon. Ang Paunawa sa Publiko para sa Title VI ay naglalaman ng impormasyon tulad ng kung paano nauugnay sa komunidad ang batas pederal na ito, karagdagan sa contact information upang ang mga paglabag ay maiuulat at maiimbestigahan ng Tanggapan ng Karapatang Sibil ng VTA. Mayroon ding mga instruksyon tungkol sa paghahain sa mga ahensya ng gobyerno ng reklamo, na magsasagawa ng kanilang hiwalay na imbestigasyon sa mga reklamo kaugnay ng Title VI.

Form at Pamamaraan ng Pagreklamo Kaugnay ng Title VI

Para makasunod sa mga kahilingan sa pag-uulat na itinatag sa 49 CFR Section 21.9(b), ang lahat ng recipient ay bubuo ng mga pamamaraan sa pag-imbestiga at pagsubaybay sa mga reklamong kaugnay ng Title VI na isinampa laban sa kanila at dapat na available sa publiko ang kanilang pamamaraan ng pagsasampa ng reklamo. Inuutusan ng FTA ang direkta at pangunahing mga recipient na mag-ulat ng impormasyon tungkol sa kanilang mga pamamaraan ng pagreklamo sa kanilang mga Title VI Program upang matiyak ng FTA ang pagsunod sa mga regulasyon ng Title VI ng DOT.

Ang form ng VTA at proseso sa pagreklamo ay propesyunal na naisalin sa mga safe harbor na wika para sa nasasakupan ng serbisyo ng VTA. Ang mga customer na gustong maghain ng reklamo ay maaaring mag-click sa kanilang language identifier sa webpage ng VTA para mabasa nila ang impormasyon sa kanilang pangunahing wika.

Listahan ng mga Reklamo, Paghahabla, at Imbestigasyon Kaugnay ng Title VI

Hinihilingan ng 49 CFR Section 21.9(b) ang kanilang mga recipient na maghanda at mag-ingat ng kanilang listahan ng alinman sa mga sumusunod na bintang na diskriminasyon dahil sa lahi, kulay, bansang pinagmulan: aktibong mga imbestigasyon na isinagawa ng ibang ahensya bukod sa FTA; mga kaso, at mga reklamo laban sa recipient. Dapat na kasama sa listahan ang petsa kung kailan inihain ang reklamo, imbestigasyon, o kaso; sumaryo ng (mga) alegasyon; lagay ng imbestigasyon, kaso, o reklamo; at mga aksyong isinagawa ng recipient bilang sagot sa, o panghuling mga resulta na nauugnay sa, imbestigasyon, kaso o reklamo.

Ang VTA ay hindi nagkaroon ng anumang kaso kaugnay ng Title VI mula nang isumite ang pinakahuli nitong Title VI Program. Ang listahan ng mga reklamo at imbestigasyon na isinagawa ng VTA mula noong isumite ang huli nitong Title VI Program ay makukuha sa buong Title VI Program.

Plano sa Pakikibahagi ng Publiko

Ang nilalaman at konsiderasyon ng Title VI, ang Executive Order 13166 (na sumasaklaw sa pagpapahusay ng pag-access ng mamamayan na LEP sa mga serbisyo), at ang LEP Guidance ng DOT ay dapat isama sa nakatatag nang plano ng recipient sa pakikibahagi ng publiko, na naglalarawan sa proactive o maagap na mga estratehiya, pamamaraan, at hinahangad na resulta na magpapatatag sa mga aktibidad ng recipient na pakikibahagi ng publiko. Maaaring kasama sa mga pagsisikap na isangkot ang minorya at mamamayang LEP sa mga aktibidad na pakikibahagi

ng publiko ang mga komprehesibong hakbang (tulad ng paglalagay ng mga paunawa sa lahat ng istasyon ng transportasyon, hintuan, at mga sasakyan) gayundin mga tuwirang hakbang upang tugunan ang mga hadlang sa wika, institusyunal, pangkultura, ekonomiya, pangkasaysayan, o iba pang hadlang na maaaring makapigil sa minoritya at mga LEP sa epektibong pakikibahagi sa proseso ng paggawa ng desisyon ng recipient.

Ang Plano sa Pakikibahagi ng Publiko ng Santa Clara Valley Transportation Authority (VTA) ay nagsisilbing gabay para sa pagsisikap ng organisasyon na maabot ang publiko, para matiyak na naipaalam sa publiko at makapagbibigay sila ng makabuluhang antas ng impormasyon sa mga programa at aktibidad ng VTA. Itinatampok din ng plano ang kahalagahan ng pag-abot sa mga grupong walang gaanong kumakatawan tulad ng mababa ang kita, minoritya, at mga taong may limitadong kasanayan sa Ingles nang sa gayon ay mabigyan ng pagkakataong makibahagi sa prosesong ito.

Ang pakikibahagi ng publiko ay nagpapahintulot sa mga miyembro ng komunidad na makapagbigay ng impormasyon sa VTA nang sa gayon ang kanilang mga alalahanin, mga nais, at pananaw ay maisasaalang-alang bilang bahagi ng proseso sa paggawa ng desisyon ng organisasyon. Sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tagubiling ito, magiging posible para sa mga indibiduwal na ito na magkaroon ng tuwirang impluwensya at potensyal na epekto sa prosesong ito, sa gayon ay nagpapahintulot sa VTA na mas maibigay ang mga pangangailangan ng komunidad.

Plano para sa Limited English Proficiency

Ang Title VI ng Civil Rights Act ng 1964, ang Department of Transportation (DOT) na nagpapatupad ng mga regulasyon, at ang Executive Order 13166 ay nag-uutos na isama ng mga recipient ang mga proteksyon at serbisyo para sa mga may limitadong kasanayan sa Ingles.

Alinsunod sa mga kahilingang ito, dapat na gumawa ng makatwirang hakbang ang mga recipient upang tiyaking makukuha ang mga benepisyong, serbisyo, impormasyon, at iba pang mahahalagang bahagi ng kanilang programa at aktibidad para sa mga indibiduwal na may limitadong kasanayan sa Ingles o limited English proficient (LEP). Dapat na bumuo ang recipient ng plano sa pagtulong na iniakma upang matugunan ang mga pangangailangan ng mamamayang LEP na tumatanggap ng serbisyo nito.

Naglaan ang DOT sa mga recipient ng gabay na nasa apat na salik na analisis na dinisenyo upang malaman ang mga pangangailangan ng komunidad ng LEP at matiyak kung paano matutugunan ng recipient ang mga pangangailangang iyon. Ang apat na salik na analisis ay kabilang sa 2016 Update ng LEP Plan na tumutukoy sa angkop na mga hakbang sa tulong sa wika ang kinakailangang upang mapasulong ang pag-access ng mga indibiduwal na LEP sa mga serbisyo at mga benepisyong VTA. Ang apat na salik na analisis ay ginagamit din upang tiyakin na ang impormasyon sa mga customer na LEP ng VTA ay napatunayang totoo sa dami ng mga nakuhang data. Higit nitong pinagtibay na ang mga pangangailangan at alalahanin ng mga LEP at gumagamit ng VTA ay isaalang-alang para sa mga proyekto sa hinaharap upang mapanatili at mapasulong ang kanilang pag-access sa mga serbisyo.

Sinusuportahan ng VTA ang tunguhin na LEP Guidance ng DOT upang makapagbigay ng makabuluhang pag-access sa mga serbisyo nito para sa mga taong may LEP. Ang Update sa Limited English Proficiency Plan, ay nakapaloob sa 2016 Title VI Program, na nagpapakita ng pagsunod ng VTA sa LEP at sa patuloy nitong pagsisikap na lubusang makasunod sa mga tagubilin ng USDOT/FTA.

Ang Update sa LEP Plan ay naglalaman ng mga sumusunod na data at analisis ng apat na salik:

Ang unang salik ay humihiling sa recipient na tukuyin ang bilang at proporsyon ng mga LEP na tumatanggap ng serbisyo nito o natagpuan nila sa nasasakupan ng kanilang serbisyo. Ginamit ng VTA ang data ng U.S Census mula sa 2010 – 2014 American Community Survey upang matiyak ang mga nangungunang wika na sinasalita ng mamamayang LEP sa nasasakupan ng kanilang serbisyo. Karagdagan pa, ginagamit din ng VTA ang data mula sa language line nito, kung saan isang serbisyo ng interpreting ang inilalaan sa mga taong tumatawag sa call center ng VTA.

Sinabi ng American Community Survey na 21.29% ng mga tao sa nasasakupan ng serbisyo ng VTA ay mga LEP. Ang limang nangungunang wika na sinasalita ng mamamayang LEP na napaglingkuran ng VTA ay: Spanish (7.92%), Vietnamese (4.21%), Chinese (3.76%), Tagalog (1.14%), at Korean (0.70%). Ang mga porsiyentong ito ay nakabatay sa kabuuang populasyon ng Santa Clara County, kabilang na ang mga tao na mahusay sa Ingles.

Ang ikalawang salik ay humihiling sa recipient na alamin ang dalas ng pag-contact ng mga indibiduwal na LEP sa mga programa, aktibidad, at serbisyo. Gumamit ang staff ng VTA ng iba't ibang paraan sa pagsasagawa ng survey upang matukoy kung aling serbisyo ang

pinakamadalas na ginagamit at nagugustuhan ng mga customer nito. Karagadan pa, ginagamit din ng staff ang pagkakataong ito upang makakuha ng pangkalahatang feedback na ibinigay ng nakibahagi sa survey. Bilang miyembro ng Refugee and Immigrant Forum, nagagawa ng VTA na makipag-ugnayan sa iba't ibang organisasyong nakabatay sa komunidad o community-based organisations (CBOs) at i-survey ang kanilang mga kliyente. Upang gawing accessible sa pinakamaraming indibiduwal ang survey, ginawa itong available sa 13 iba't ibang wika. Nag-survey din ang staff sa Downtown Customer Service Center ng VTA nang dalawang araw noong Agosto, na nakakuha naman ng mahigit isandaang tugon. Panghuli, nai-post din ang survey sa pampublikong website ng VTA, kung saan maaaring makibahagi online ang mga miyembro ng publiko. Sa kabuan, nakaipon ang staff ng 185 survey sa buong prosesong ito.

Ang mga taong na-survey ay nagsabing ginagamit nila kapwa ang serbisyong bus at tren, bagaman mas madalas nilang magamit ang bus (89.7%) kaysa sa tren (49.1%). Kabilang sa pangkalahatang feedback ang mga paghiling na dagdagan ang dalas ng serbisyo ng bus, lawakan ang sakop na lugar, mas maraming shelter sa hintuan ng bus, at mas napapanahong impormasyon na naka-display sa mga hintuan ng transportasyon. Isinisiwalat din ng feedback na kadalasang nakukuha ng mga customer ang impormasyon mula sa mga operator ng bus at sa downtown customer service center ng VTA.

Ang ikatlong salik ay humihiling sa recipient na tiyakin sa mamamayang LEP ang kahalagahan ng mga programa nito, aktibidad, at serbisyo. Ipinakikita ng survey na pinahahalagahan ng mga customer ang mga serbisyo kapwa ng bus at tren, bagaman mas marami ang nagsabi na napakahalaga ang serbisyo ng bus. Ipinakikita ng data na 90% ng mga na-survey ay nagsabi na

napakahalaga ang serbisyo ng bus, samantalang 68.1% naman ang nagsabi na ang serbisyo ng tren ang napakahalaga. Mas maraming indibiduwal ang umaasa sa serbisyo ng transportasyon ng VTA upang makapunta sa mga medical appointment (48.6%). Marami din ang umaasa sa mga serbisyong ito upang makarating sa mahahalagang pupuntahan tulad ng trabaho (45.9%) at paaralan (29.7%). Sa dahilang mahigit sa kalahati ng mga nakikibahagi ang nagsabing walang sasakyan ang kanilang pamilya, maaaring ipagpalagay na umaasa sila sa serbisyo ng transportasyon ng VTA bilang ang tanging paraan upang makarating sa kanilang patutunguhan. Sinabi ng ilang nakikibahagi na nakaranas sila ng mga hadlang dahil sa wika sa kanilang paggamit at pagtanggap ng mga serbisyo ng VTA. Idinidiin nito ang kahalagahan hindi lang ng paglalaan ng serbisyong tulong sa wika, kundi pati ang pagtiyak na alam ng mga customer na mayroon nito.

Ang ikaapat na salik ay humihiling ng pagtaya sa mga resources na makukuha ng recipient, at ng pagsusuri sa gastusing kaugnay sa paglalaan ng tulong sa wika. Nagsagawa ang VTA ng imbentaryo sa lahat ng kasalukuyang makukuhang serbisyong tulong sa wika kabilang na ang serbisyong language line, staff ng VTA na nagsasalita ng dalawang wika, nakakontratang mga vendor na tutulong sa serbisyong pagsasalin, at ang pampublikong website ng VTA na mayroong mga link ng mga salin sa iba't ibang wika. Gumawa din noon ang VTA ng Vital Documents Plan upang tiyaking makukumpleto ang pagsasalin ng anumang dokumento na itinuturing na mahalaga sa paggamit ng mga serbisyo ng VTA at na maipaalam sa mga customer ang kanilang karapatan sa ilalim ng angkop na mga batas pederal. Gumastos ang VTA ng kabuuang \$88,558.04 noong 2014 at \$133,151.51 noong 2015 para sa serbisyong tulong sa wika, na ang gastos sa pagsasalin ay mahigit na doble sa pagitang ng dalawang taon na iyon. Ang halagang ito

ay isang malaking patotoo ng patuluyang pagtupad ng VTA sa pangako na tiyaking maisalin ang lahat ng kinakailangan dokumento para sa kapakinabangan ng publiko, anuman ang katutubong wika nila. Pagdating sa pagpapabuti ng pag-access, napansin ng staff na 42.1% ng mga indibiduwal na na-survey ay walang alam sa libreng serbisyo na tulong sa wika ng VTA, na nagpapahiwatig sa kahalagahan ng pagpapataas ng kamalayan sa iba't ibang libreng serbisyo sa wika na iniaalok sa publiko.

Impormasyon ng Demograpiya ng Di-inihalal na mga Komite at Konseho

Alinsunod sa Titulo 49 CFR Seksyon 21.5(b)(1)(vii), ang isang recipient ay hindi maaaring “magkait sa isang tao ng oportunidad na makibahagi bilang isang miyembro sa pagpapalano, pagpapayo, o katulad na lupon na mahalagang bahagi ng programa” nang dahil sa lahi, kulay, o bansang pinagmulan. Mayroong mga kahilingan para sa mga recipient kapag pinili nilang maging miyembro ng isang grupo sa loob ng kanilang organisasyon tulad ng mga grupong may kaugnayan sa transportasyon, di-inihalal na planning board, mga advisory council o komite, o katulad na mga komite. Kasama sa mga kahilingang ito ang pagbibigay ng talahanayan na naglalarawan ng racial breakdown ng mga miyembro ng mga komiteng iyon at isang deskripsyon ng pagsisikap na ginawa para himukin ang mga minority na makibahagi sa gayong mga komite.

Ang Citizens Advisory Committee (CAC) at ang Committee for Transit Accessibility (CTA) ay dalawang VTA advisory committee na binubuo ng di-inihalal na miyembro na pinili mismo ng VTA. Wala nang ibang komite ang VTA na ang mga miyembro ay di-inihalal at pinili ng VTA.

Ang isang listahan ng mga survey na tanong para tanungin ang mga miyembro tungkol sa kanilang pagkakakilanlang lahi at/o etniko, isang talahanayan na nagpapakita ng racial breakdown ng mga komite, at ang mga pagsisikap na himukin ang minority na makibahagi sa mga komiteng iyon ay nakapaloob sa buong Programa ng Title VI. Ipinakikita ng mga tugon sa survey na, sa kasalukuyan, tinatayang dalawang-katlo ng mga miyembro ng CTA at CAC ay natukoy na kabilang sa grupong minority.

Kapag pinupunan ang mga bakanteng posisyon, aktibong hinahanap at hinihimok ng VTA ang mga grupong walang gaanong kumakatawan na makibahagi sa di-inihalal na mga komite. Gumagawa ng pinagkasunduang pagsisikap ang VTA para magbigay ng oportunidad sa mga kuwalipikadong indibidwal mula sa etnikong grupong walang gaanong kumakatawan na sumali sa mga advisory committee upang angkop na katawanin ng grupong ito ang etniko, kasarian at heograpikong pagkakaiba-iba ng Sta. Clara County. Upang maisagawa ito, ginagamit ng VTA ang ilang nakatarget na estratehiya para maabot ang mga tao kabilang na ang: may bayad at libreng mga paunawa sa lokal na media, pagsasalin ng mga paunawa sa iba't ibang wika, pagpost ng mga bakanteng posisyon sa website ng VTA, pag-abot sa iba't ibang kultural na organisasyon, at ang paggamit ng elektronikong paunawa at impormal na mga karatula sa lahat ng mga hintuan ng pampublikong sasakyan at iba pang pasilidad.

Title VI Program ng Subrecipient at Pagmomonitor

Alinsunod sa 49 CFR 21.9(b), at para matiyak na ang mga subrecipient ay nakakasunod sa mga regulasyon ng DOT Title VI, dapat i-monitor ng mga pangunahing recipient ang kanilang mga

subrecipient, na kanilang pinopondohan, para sa pagsunod sa mga regulasyong ito. Mahalagang tandaan, na kung ang subrecipient ay hindi nakakasunod sa mga kahilingan ng Title VI, hindi rin nakakasunod ang pangunahing recipient.

Mino-monitor ng VTA ang subrecipient nito sa pamamagitan ng pagtiyak na naaabot ng entity ang lahat ng mga criteria na nakabalangkas sa Chapter III ng Title VI Circular 4702.1B. Kinolekta at nirepaso ng VTA ang Title VI Program ng subrecipient, na inaprubahan ng governing board nito.

Pag-apruba ng Lupon sa Title VI Program

Ang Title VI Program ng VTA ay inaprubahan ng Lupon ng mga Direktor nito noong Nobyembre 3, 2016.

II. Mga Kahilingan ng Mga Transit Provider

Mga Pamantayan at Patakaran sa Serbisyo

Ang mga kahilingang ito ay kapit sa lahat ng service provider ng pampublikong transportasyon na fixed route. Nakalagay sa Seksyon (3)(iii) ng Apendise C hanggang 49 CFR part 21 na

“walang tao o grupo ng mga tao ang maaaring pakitunguhan nang may pagtatangi kung tungkol sa pagruruta, pag-iiskedyul, o sa kalidad ng serbisyo sa transportasyon na isinaayos bilang bahagi ng proyekto nang dahil sa lahi, kulay o bansang pinagmulan. Ang dalas ng serbisyo, edad at kalidad ng sasakyan na itatalaga sa mga ruta, kalidad ng mga istasyon na magsisilbi sa iba’t ibang ruta at ang lokasyon ng mga ruta ay hindi maaaring ibatay sa lahi, kulay o bansang pinagmulan.” Dapat na kasama sa mga pamantayan ng serbisyo ang mga sumusunod para sa bawat anyo ng transportasyon: dami ng karga ng sasakyan, usad ng sasakyan (minimum na posibleng distansya o oras sa pagitan ng mga sasakyan nang hindi binabawasan ang kanilang bilis), pagiging nasa oras, at availability ng serbisyo. Anumang seryosong pagkukulang ang matukoy ay dapat na suriin upang malaman ang laki ng epekto nito sa mamamayang minorya. Kung ang mga minorya ay higit na naapektuhan sa mas mataas na antas kumpara sa hindi minorya, karagdagang hakbang ang maaaring kailanganin upang malutas ang pagkakaibang ito.

Inuutusan ng FTA ang mga provider ng transportasyon na fixed route na bumuo ng patakaran para sa bawat anyo ng transportasyon may kaugnayan sa distribusyon ng mga serbisyo ng transportasyon at pagtatalaga ng sasakyan. Dapat ding magtakda ang mga provider ng transportasyon ng mga patakaran para sa karagdagang mga indicator kapag angkop. Dinisenyo ng VTA ang mga patakaran nito para matiyak na ang pagtatalaga ng sasakyan at distribusyon ng serbisyo sa pasahero ay hindi magbunga ng diskriminasyon nang dahil sa lahi, kulay o bansang pinagmulan.

Mga Mapa ng Demograpiya at Serbisyo

Sinabi sa Title 49 CFR 21.9(b) na ang mga recipient ay “dapat na may maibibigay sa Kalihim na data ng lahi at etniko na nagpapakita kung gaano kadaming miyembro ng grupong minority ang nakikinabang sa mga programang tumatanggap ng tulong pinansyal ng Pederal na Pamahalaan.”

Inuutusan ng FTA ang mga provider ng transportasyon na maghanda ng sumusunod na mga mapa at tsart, na lahat ay isinama ng VTA sa 2016 Title VI Program nito:

Isang base map ng nasasakupan ng serbisyo na naglalatag ng Census tract, Census block o mga block group, traffic analysis zones (TAZs), o iba pang lokal na makukuhang heograpikong data na may mga pasilidad ng transportasyon kasama na ang mga ruta ng transportasyon, mga hanay ng fixed guideway, hintuan ng pampublikong sasakyan, bukod sa iba pa.

Isang demograpikong mapa na may impormasyong nakalista sa base map at kinulayan din ang heograpikong rehiyon kung saan ang porsyento ng kabuuang mamamayang minority na nakatira sa mga lugar na ito ay mas marami sa katamtamang porsyento ng mamamayang minority para sa nasasakupan ng serbisyo sa kabuuan.

Para sa layuning pagbibigay-pansin sa pangkalahatang katarungan, at upang masiyasat ang epekto ng singil sa pangunahing serbisyo sa mamamayang mababa ang kita, dapat ding ipakita ng mga demograpikong mapa ang mga rehiyon na ang porsyento ng kabuuan ng mamamayang mababa ang kita na nakatira sa mga lugar na ito ay lumampas sa katamtamang porsyento ng mamamayang mababa ang kita para sa mga nasasakupan ng serbisyo sa kabuuan.

Bagamat hindi ito kahilingan, gumawa din ang VTA ng isang mapa para sa mamamayang may limitadong kakayahan sa Ingles na katulad ng mga mapa ng minority at mamamayang mababa ang kita.

Demograpiya ng Dami ng Pasahero at Pattern ng Biyahe

Hinihiling ng FTA Circular 4702.1B na kolektahin ng mga provider ng fixed route ang impormasyon ng lahi, kulay, bansang pinagmulan, kasanayan sa Ingles, wikang ginagamit sa tahanan, kita ng sambahayan, at mga pattern ng biyahe ng kanilang mga pasahero gamit ang mga survey sa customer. Kokolektahin din ang demograpikong impormasyon sa paggamit ng pamasaha ayon sa uri ng pamasaha ng mga pasaherong minority at pasaherong mababa ang kita, upang makatulong sa analisis sa pagiging patas ng pamasaha.

Nakompleto ng VTA ang huli nitong On-Board Survey (OBS) noong Nobyembre 2013. Mula noon, ginamit na ng VTA ang data mula sa survey na iyon sa pagbuo ng demograpikong profile ng mga customer nito kalakip na ang lahi, etniko, kita, at ginagamit na pangunahing wika.

Kinakalap din ang data ng pattern ng dami ng pasahero, uri ng ginamit na pamasaha, at kalidad ng serbisyong ibinibigay ng VTA.

Kasama sa mga pamamaraan ng pangangalap ng data ay isang survey document (talatanungan) na nakaimprenta sa Ingles, Spanish,

Vietnamese, at Chinese para sa ipamahagi pagsakay ng mga pasahero sa bus at tren.

Tinagubilinan ang mga nagsu-survey na magbigay ng limitadong tulong sa mga pasahero kapag

humiling. Karagdagan pa, nagdala ng impormasyong kasing laki ng post-card ang mga taga-survey na nakasulat sa Ingles, Spanish, Vietnamese, at Chinese na nagtuturo sa mga pasahero na kontakin ang language line ng survey contractor (Corey, Canapary & Galanis) upang marinig ang survey na isinagawa sa ibang wika.

Ipinakikita ng mga resulta ng survey na karamihan ng na-survey (79%) ay nasiyahan sa kalidad ng serbisyo ng VTA, na may katamtamang score na 4.08 sa limang puntos na sukatan. Para makarating sa destinasyon, karamihan ng mga nakibahagi ay nagsabing naglakad sila papuntang istasyon ng transportasyon (51%) at huling destinasyon pagkababa (58%). Tatlong-kapat (3/4) ng mga nakibahagi ang nagsabing nagagamit nila nang husto ang system – 33% ang gumamit ng VTA 6 na araw o higit pa isang linggo, at iba pang 42% ay gumamit ng VTA 4 hanggang 5 araw kada isang linggo. Katamtamang bilang ng pasahero ng VTA, ayon sa mga tugon sa survey, ay binubo ng 3 hanggang 4 katao sa isang sambahayan, na may katamtamang \$42,802 na kita ng sambahayan sa isang taon. Ipinakita ng karagdagang demograpikong data na halos tatlong-kapat (74%) ng mga na-survey ay hindi puti, 23% ang puti (lamang), at 4% ay haluang puti/hindi puti.

Kasalukuyang nakikipagtulungan ang VTA sa iba pang contractor upang maghanda sa pagpapatupad ng susunod nitong OBS na inaasahang magsisimula sa Enero 2017.

Pagmonitor sa Ulat Tungkol sa Mga Pamantayan at Patakaran sa Serbisyo

Upang tiyaking nasusunod ang mga regulasyon ng Title VI ng DOT, hinihilingan ng FTA ang mga ahensya ng transportasyon na imonitor ang performance ng sistema ng kanilang transportasyon kaugnay ng mga pamantayan ng serbisyo ng kanilang buong sistema at mga patakaran ng serbisyo nang hindi bababa sa kada tatlong taon. Dapat isumite ng mga ahensya sa FTA ang mga resulta ng monitoring program kasama na ang dokumentasyon upang beripikahin ang konsiderasyon, kamalayan, at pagsang-ayon ng Lupon sa mga resulta ng monitoring kada tatlong taon bilang bahagi ng Title VI Program.

Mayroong dalawang bahagi ng monitoring program ng Title VI: ang System-Wide Program Standards at System-Wide Service Policies. Ang System-Wide Service Standards ay ginamit upang ihambing ang performance ng bus at linya ng tren ng VTA na pangunahing ginagamit ng mga pasaherong minority ("mga ruta ng minority") na may mga linyang nagseserbisyo sa malaking bahagi ng mga pasaherong hindi minority ("mga ruta na hindi minority"). Ang System-Wide Service Policies ay dinisenyo para imonitor ang mga pamamaraan sa pagtatalaga ng sasakyan at distribusyon ng serbisyo ng transportasyon upang tiyaking ang mga gawaing iyan ay hindi isinasagawa nang may pagtatangi.

Tulad ng nakabalangkas sa buong ulat, na kasama sa 2016 Title VI Program, napakahusay ang ginagawa ang VTA pagdating sa dami at kalidad ng serbisyo na ibinibigay nito sa mamamayang minority. Dahil sa dami ng sumasakay sa bus at tren na nagseserbisyo sa mga lugar ng minority, karaniwan na nasisiyahan ang mga pasaherong minority sa mas maikling pagitan ng bawat

byahe, mas mahabang distansya ng serbisyo, at dagdag na kapasidad ng sasakyan. Karagdagan pa, ang pagtatalaga ng sasakyan at distribusyon ng serbisyo ng transportasyon ng VTA, na batay din sa dami ng pasahero, ay tumitiyak na nakikinabang ang mga lugar ng minority sa patas na alokasyon ng mga resources ng transportasyon.

Proseso Para Isangkot ang Publiko sa mga Patakaran ng Title VI ng Recipient

Hinihiling ng FTA na dapat isangkot ng recipient ang publiko sa proseso ng paggawa ng desisyon upang bumuo ng pagbabago sa pangunahing serbisyo, mga patakaran sa magkaibang epekto at di-pantay na pasanin. Nakakuha ang VTA ng impormasyon mula sa publiko para sa pagbuo ng mga patakaran na gagabay kung paano bibigyan ng depinisyon at aanalisahin ang mga epekto ng mga pagbabago sa pangunahing serbisyo at mga pagbabago sa pamasaha ng mga customer na minority at mababa ang kita. Nagpadala ang VTA ng panukalang pagbabago sa pangunahing serbisyo, mga patakaran sa magkaibang epekto at di-pantay na pasanin sa humigit-kumulang 30 kinatawan mula sa organisasyong community-based (CBOs) at sa mga nagtataguyod ng transportasyon para sa kanilang review at komento. Nagbibigay din ang staff ng mga presentasyon at nag-teleconference sa mga miyembro ng ilang organisasyon. Kasama sa feedback ang hiling na baguhin ang depinisyon ng pagbabago sa pangunahing serbisyo upang mas madami ang mapabilang sa kwalipikasyon ng mga pagbabago sa malaking serbisyo. Naglalaman din ang feedback ng paghiling na irebisa ang mga patakaran sa magkaibang epekto at di-pantay na pasanin upang linawin kung aling pinagmumulan ng data ang ginamit sa analisis ng pagiging-patas.

Mga Resulta Analisis sa Serbisyo at Patas na Pamasaha

Hinihilingan ng FTA ang mga ahensya ng transportasyon na magsagawa ng analisis ng pagiging-patas para sa mga pagbabago sa pangunahing serbisyo at pagbabago sa pamasaha upang tiyaking ang mga pagbabagong iyon ay hindi magdulot ng mga magkaibang epekto sa mga pasaherong minority o ng di-pantay na pasanin sa mga pasaherong mababa ang kita. Dapat magsumite ang mga ahensya ng transportasyon ng mga resulta ng anumang pagbabago sa pangunahing serbisyo at/o analisis sa patas na pamasaha na isinagawa mula noong maisumite ang huli nitong Title VI Program. Dapat ding magsumite ang mga ahensya ng dokumentasyon sa Title VI Program bilang ebidensya ng konsiderasyon, kamalayan at pag-apruba ng lupon, ahensya o opisyal ng gobyerno sa analisis.

Maraming pagbabago sa pangunahing serbisyo ang ginawa sa ruta ng transportasyon ng VTA, at binuod ang mga ito sa kabuuan nito sa FY 2016 – FY 2017 Transit Service Plan, na nakapaloob sa 2016 Title VI Program. Kasama sa mga halimbawa ng mga pagbabago ang iba't ibang pagpapasulong sa partikular na mga linya, tulad ng: ekstensyon ng linya, pagpapasulong ng mobility at pag-access, mas direktang serbisyo sa ilang pangunahing destinasyon, mas maikling panahon ng paghihintay ng pasahero, di-gaanong siksikan na bus, at mas kombinyenteng paglipat. Mayroon ding mga bagong linya ng serbisyo na idinagdag, karagdagan pa sa mga pagbabago sa ruta at pagbabawas ng serbisyo sa ilang ruta dahil sa kaunti ang sumasakay.

Nagsagawa ang staff ng VTA ng Service Equity Analysis sa nirebesang mga pagbabago sa malaking serbisyo na nakapaloob sa panghuling FY 2016 - FY 2017 Transit Service Plan. Batay sa analisis na ito, natiyak na ang ipinanukalang pagbabago ay hindi inaasahang lilikha ng

magkaibang epekto sa mga pasaherong minorya ni ng di-pantay na pasanin sa mga sumasakay na mababa ang kita.

Nagsagawa din ang staff ng VTA ng analisis sa pagiging patas ng mga pagbabago ng pamasaha na ipinatupad noong 2015 at 2016. Ang analisis ng pagiging patas para sa lahat ng mga pagbabago sa pamasaha ay nagsisiwalat na walang inaasahang magkaibang epekto sa mga minoryang sumasakay o di-pantay na pasanin sa mga sumasakay na mababa ang kita.

Ang mga pagbabago sa pamasaha para sa 2016 ay binubuo ng: pagiging available ng pamasaheng Day Pass sa pamamagitan lamang ng Clipper; pagbibigay ng \$0.50 na credit para sa mga inter-operator transfer (para lamang sa mga pamasaha ng Adulto kapag gumagamit ng Clipper); at pagtatatag ng isang bagong uri ng pamasaha para sa Special Event Express Bus Service. Sangkot sa mga pagbabago sa pamasaha para sa 2015 ay ang pagpapalawak ng pagiging karapat-dapat para sa diskwento sa pamasaha ng Kabataan na isama ang mga 18-taong gulang at permanenteng babaan ang halaga para sa mga token ng Adult at Youth Day Pass sa 50% ng presyo ng Adult at Youth Day Pass.

Konklusyon

Ipinakikita ng 2016 Title VI Program ng VTA ang patuluyang pagsisikap ng ahensya na mapanatili ang mahigpit na pagsunod sa lahat ng alituntunin ng Title VI. Karagdagan pa, ipinapakita din ng programang na ito ang patuluyang pagtupad sa pangako ng VTA na paglilingkod sa mamamayang may iba't ibang pinagmulan sa loob ng nasasakupan ng kanilang

serbisyo. Nagsisikap ang ahensyang ito na matiyak na ang mga indibiduwal na may iba't ibang background ay may pantay na access sa mga programa, serbisyo at aktibidad. Sa paggawa ng gayon, hinahayaan nito ang sinuman na magkaroon ng pagkakataong makibahagi sa proseso ng pagpapalano sa transportasyon at makinabang sa mga benepisyong inilalaan ng VTA para sa publiko.